

# Prologue



**M**abilis ang pagkabog ng dibdib ni Ellie habang hinihila siya sa kamay ng nobyo niyang si Rigo.

Iyon ang unang pagkakataon na nakatapak siya sa loob ng simbahan ng El Paso. Labing-limang taon na siyang naninirahan sa bayang iyon ngunit hanggang tanaw lang siya sa gusaling iyon mula sa labas.

Hindi naman kasi sila nagsisimbang mag-anak. Sa murang edad ay pinagbawalan na siya ng nanay niya na pumasok doon. Hindi raw nababagay sa mga ganoong lugar ang mga tulad nila.

Pakiramdam ni Ellie ay may ginagawa siyang masama, pero hindi rin naman niya mapigilan ang mamangha sa laki at ganda ng lugar na iyon. Ang mga higanteng bintana na gawa sa makukulay na salamin ay nakapalibot sa kanila, tila nagbabantay at nag-uusisa. Ang mga antigong muwebles na gawa sa ginto at pilak na natatamaan ng liwanag

mula sa labas ay kumikindat sa kanila, nang-uuyam at nagpapaalala. Ang mga rebulto ng mga santo, malalaki at maliliit, gawa sa kahoy at luad ay nanonood sa kanila, nakasimangot at parang humuhusga.

Napakatahimik doon na napapangiwi si Ellie sa ingay ng paghinga nila ni Rigo. Dinala siya nito roon matapos siya nitong mapilit na tumakas sa klase nila nang hapong iyon.

“Rigo, bumalik na tayo sa school. Mapapagalitan tayo nito, eh. Sige na.”

“Akala ko ba mahal mo ‘ko? Eh, ba’t ngayon ayaw mo ‘kong samahan?”

“Hindi naman sa gan’on. Kaso...”

“Shh. Tama na nga ‘tong pag-uusap natin. Mabuti pa, gumawa na lang tayo ng ibang bagay na mas makabuluhan... ‘yung pareho nating magugustuhan.” Hinimas nito ang kanyang braso at napaatras siya palayo rito. Dumilim ang mukha ng lalaki.

“Di ba napagkasunduan na natin ‘to? Na di muna tayo magiging pisikal sa isa’t isa?” paalala niya.

“Naknamp\*ta naman, o.”

Nagpanting ang mga tainga niya sa pagmumura nito. “Ano ka ba, Rigo! Di ba, alam mo namang

ayokong nagsasalita ka nang ganyan?”

“Puro na lang bawal. Nanay ba kita?” Hinila siya ng nobyo palapit.

“Rigo, bitiwang mo ‘ko.” Pinilit niyang kumawala mula sa pagkakahawak nito ngunit ginamitan siya ng buong lakas para magapi. Mabilis nitong binuksan ang mga butones ng uniporme niya at agad sinunggaban ang isa niyang dibdib.

“Rigo!” Umalumpihit siya paatras.

“Sige, sumigaw ka. Para pag may nakakita sa ‘tin dito, sasabihin ko sa kanila na pinilit mo lang ako na tumakas sa klase, na inakit mo lang ako na gawin ‘to sa ‘yo. At iisipin nilang totoo ang mga sinabi ko, lalo na pag nalaman nila kung sino ka.”

Hindi nakakibo si Ellie. Nanginig siya nang bumalik ang kamay nito sa kanyang dibdib. Nang magsimulang pumisil-pisil ang kamay nito ay pumatak na ang luha niya.

“Ayan naman pala, eh. Alam ko naman na matalino ka. P\*ta ka, pero matalino. Kaya nga nagustuhan kita.”

Nakapako ang tingin ni Ellie sa isang larawan ng isang babaeng may sinag sa ulo nito. May karga itong bata na may sinag rin sa ulo. May dalawa ring anghel sa magkabilang gilid ng mga ito.

“Ang tagal ko nang nagtitiis sa ‘yo. Masyado ka kasing pakipot. Akala mo naman kung sino kang birhen.”

Tahimik lang na umiyak si Ellie. Hindi siya makapaniwala na nangyayari ito sa kanya. Akala niya ay iba si Rigo. Dapat pala ay nakinig siya sa kanyang ina noong sabihin nitong huwag muna siyang magnobyong.

“Wag ka nang umiyak. Gusto mo rin naman ‘to, eh. Sige ka, pag umiyak ka pa, sasaktan talaga kita.”

Napilitan siyang pahirin ang luha.

*Tulong! Pakiusap... tulong.*

Tila kinakausap na niya ang larawan na para bang makakagalaw iyon upang tulungan siya. Alam niyang walang makakarinig sa kanya pero paulit-ulit siyang humingi ng saklolo sa isip niya.

Ipipikit na sana ni Ellie ang mga mata upang hindi makita ang ginagawa ni Rigo sa kanya nang biglang may sumigaw.

“Hoy! Ano ‘yan!” Isang lalaki sa di-kalayuan na nakatanaw sa kanila.

Natatarantang inalis ni Rigo ang kamay sa kanya.

“Halika na.” Hinila siya nito patayo. Pinilit naman niyang isara ang blouse.

Napatingin siya sa lalaking nagpatigil sa nobyo,

---

sa lalaking nagligtas sa kanya.

Hindi niya makakalimutan ang mukhang iyon.  
Isang mukha ng anghel.

## 1



**P**inagmasdan ni Zach ang babaeng nakayuko sa kanyang harapan. He knew her, or at least, her reputation. Ang ina nito ay may limang anak sa magkakaibang mga lalaki at sa kasalukuyan ay may kinakasamang lalaking may-asawa.

Hindi naman nalalayo ang bunga sa puno.

It was some years ago, when he was seventeen years old that he caught her and a guy making out at church.

Dati, sa tuwing tumatakas siya sa paaralan ay sa simbahan siya nagpupunta. Wala kasi siyang ibang alam na matatambayan bukod doon. Saka, wala ring magtataka kung may makakitang naroon siya dahil aakalain lang ng mga ito na may ginagawa siya roon na may kinalaman sa pagiging sakristan niya.

Hindi niya malilimutan ang araw na nahuli niya nito at ng marahil ay nobyo nito. O siguro mas tamang sabihing, hindi niya malilimutan ang mukha nito. He really didn't know what angels look like,

but if he were to imagine, they would look like her.

Ngunit nadismaya siya sa lagay na naabutan niya sa babae. Bata pa lang ito ay nagagawa na nito ang mga ganoong bagay. Kaya naman hindi na siya magtataka kung susunod ito sa yapak ng ina.

Bago noon, hindi naman niya ito napapansin. Bukod sa hindi ito pumapasok sa pareho niyang paaralan ay hindi rin nagsisimba ang dalaga. None of her family did.

Sa mata ng mga taga-El Paso ay napakamakasalanang na ng pamilya nito. Sayang. She was pretty in a quiet, sweet, innocent way. Pero alam niyang kabaliktaran ito niyon. Naisip niyang parte na siguro iyon ng charm nito, kumbaga, isang panghatak sa mga tao, lalo na sa mga kalalakihan. She looked so virginal and it made a man want to f\*ck her more. Kasali siya roon.

Pero hindi babahiran ni Zach ang sarili ng dumi nito. Kahit siya ay namimili pa rin ng mga babaeng makakasama niya.

It was hard not to fantasize though, especially since she started going to the same university as him years ago. Sa loob ng ilang taon ay nagawa niyang kimkimin ang pagnanasa niya para sa dalaga.

Ngunit ngayon ay lumapit na ang palay sa manok

at hindi siya sigurado kung matatanggihan pa ba niyang tukain ito.



Nagwawala ang puso ni Ellie. Iyon na ang sandaling pinakahihintay niya. Lahat ng lakas ng loob ay inipon niya sa mga nagdaang panahon para sa oras na iyon.

Ang lalaking nasa harapan niya ay tinitingala niyang bayani. And for almost five years, she had been in love with her hero. Iningatan niya ang damdamin niya para rito, itinanim iyon sa puso at araw-araw na diniligan. Ngayon, isa na iyong malaking puno, matayog ang pagkakatindig, mayayabong ang dahon, at malalim ang pagkakabaon ng mga ugat.

It was her senior year in college; it was probably her last chance to confess her feelings to him.

Isa ito sa mga dahilan kung bakit nagsikap siyang makapasok sa *Saint Thomas Aquinas University* sa tulong ng isang scholarship. Bukod sa magagandang oportunidad na dala ng pagtatapos sa prestihiyosong paaralang iyon, nais din niyang maging malapit sa binata.

Nag-aral siyang mabuti at maigi para manatili roon at masilayan si Zach. She was happy with just looking at him from afar.



Pero hindi miminsan na hiniling niya na sana ay hindi ganoon kalayo ang agwat nila. Gusto niyang makita sa malapitan ang ngiti nito. Scratch that, she wanted him to smile at her.

Noong una ay binalak ni Ellie na itago lang ang nararamdaman para rito dahil alam niyang hindi rin naman nito masusuklian ang damdamin niya. Ngunit nangingibabaw ang kanyang takot na manghinayang kaysa sa takot na mapahiya. She could take humiliation easily, but regret was a harder pill to swallow.

Lumunok siya para mawala ang pagbara sa lalamunan. Heto na, aamin na siya.



Zach felt something stir to life inside his pants as he watched Ellie wet her lips. Damn, the witch was working her magic on him.

Hindi siya dapat magpatangay rito. Kailangang maging malinaw ang pag-iisip niya habang kausap ito. Lest he'd fall to ruin.

*Di ba't nahulog ka na sa patibong niya noong hayaan mo siyang kausapin ka?*

“Look, miss.” Alam niya ang pangalan nito pero ayaw niyang bigyan ito ng maling ideya at iniwasan rin niyang ipagkanulo ang interes niya rito. “Hindi

tayo magkakilala at ngayon rin lang tayo nagkausap. But not only did I talk to you, a stranger, but I also came with you here.” Pinaikot niya ang tingin sa maliit na garden sa likod ng library building bago ibinalik ang atensyon sa kausap. “This says a lot more about me than about you. Pero maniwala ka, sa kabila ng lahat ng ‘to, di ako mapagkatiwalang tao. Pero sinunod ko ang pakiramdam ko. I hope my gut is right, that you have something important to tell me. Dahil kung dinala mo lang ako rito para aksayahin ang oras ko...”

Mabilis itong umiling-iling. “Siguro di mo ‘ko namumukhaan,” simula ng babae. “Di rin ako sure kung natatandaan mo pa ba ‘yung first time na nagkita tayo. Fifteen pa lang ako n’on. Kasama ko ang boyfriend ko sa simbahan.” Parang may naalala itong masama, nagsalubong ang mga kilay nito at tumigas ang anyo.

“M-may ginagawa siya sa ‘kin n’on, pero napigilan mo siya.” Nakahinga ito nang maluwap.

Nagtaka si Zach sa reaksyon nito. She looked like she was relieved that he c\*ckblocked her boyfriend, which made no sense to him because the girl, as he knows it, was living to beg for male attention.

“Anyway, mula n’on, humanga na ‘ko sa ‘yo.

Sa paglipas ng panahon, mas lumalim pa ‘yung paghangang ‘yun.”

Ah, she took one look at him and decided he was better than her boyfriend. *So typical of a girl like her.*

Sa halip na malugod dahil nagustuhan siya ng babae ay tumindi lang ang pagkasuya ni Zach rito. Hindi niya matanggap na ganoon pala ito kababaw.

Well, he wasn’t deep on morals as well. Kaya hindi rin siya nakikialam sa moralidad ng iba. Ngunit iba siya pagdating sa babaeng ito. Though he didn’t understand why she would be an exception to his own rule.

“Actually, isa ka nga sa mga rason kung ba’t ako pumasok rito. Pero di ako stalker ha.” Halata ang ninenerbiyos ito base sa tawa nito. Still, her laugh had a nice ring to it and he wanted to hear it again. “Siguro madalas ka nang nakarinig ng mga ganitong pag-amin mula sa mga babae. Baka nagsasawa ka na nga. At heto ako, sumulpot mula sa kung saan at nag-o-open up ng feelings ko para sa ‘yo. Alam kong masyado ‘tong creepy pero wala na akong ibang maisip na paraan, eh.” Her smile was apologetic. “Nakita kitang mag-isa sa lib. Naisip ko na pagkakataon ko na.”

His breath caught at the mesmerizing way her

eyes melted into fuzzy dark chocolates.

“Hindi lang kita gusto, Zachary. Mahal na kita,” walang-patumanggang pagtatapat nito.

For a moment, his heart ceased to beat. He swore everything froze, even the leaves on the trees and the clouds on the sky stilled. There was only that time, that place, that sparkle of something foreign and familiar.

Saglit lang iyon dahil bigla naman siyang natauhan.

*Holy sh\*t. What was that?*

Tinitigan niya ang babae. Pilit siyang naghahanap ng senyales na may ginamit itong kung anumang itim na mahika para mangyari ang lahat ng ito.

Muntik na siyang madala. Kaunti na lang at mapapabilang na sana siya sa mga lalaking napaglaruan ng dalaga.

“Zachary? Narinig mo ba ang sinabi ko?” Napakurap siya nang magsalita ito. “I love you.” Inulit pa nito ang mga katagang tila magic spell ang epekto sa kanya.

“Sayeth the serpent.” Parang asidong lumabas ang mga salitang iyon sa kanyang bibig.

Yes, that was what she was: the devil in the Garden of Eden.



Nanlaki ang mga mata ni Ellie. Nang makabawi ay kumunot ang noo niya. Naguguluhan siya sa reaksyon ni Zach.

“A-ano’ng ibig mong sabihin?” Masama ang kutob niya. Pakiramdam niya ay kailangan na niyang umalis sa lugar na iyon agad, kung hindi ay masasaktan siya.

He gave her a lopsided grin, the one she always found so irresistible. Sa wakas ay ngumiti ito sa kanya gaya sa pangarap niya, ngunit hindi niya alam kung bakit hindi siya nasisiyahan doon ngayon. Something in his smile was off.

Bukod doon, hindi iyon ang inaasahan niyang sasabihin ng lalaki matapos niyang aminin dito na mahal niya ito. She didn’t expect him to say he loved her too, but she sure did not see those words coming.

“You, a pretty li’l rat from the slums, trying to entrap me in the guise of offering me your cheap, filthy heart.” He said it as if he was disgusted. “I don’t feel flattered by your affection. On the contrary, I take it as an offense to my intelligence and taste.” Banayad siya nitong tiningnan mula paa hanggang ulo. “Maybe if you told me you love me while you were naked...” Kinindatan at nginitian siya nito bago

tumalikod at lumayo.

Naiwan si Ellie roon na nakatitig lang sa kinatatayuan nito kanina.



“Uy, ba’t ang tahimik mo d’yan? Nakakapanibago. May problema ka ba?” untag sa kanya ni Nico. Kakauwi lang nito galing Maynila kung saan nito pinangangasiwaan ang negosyo ng pamilya nito. Umuuwi ito tuwing may pagkakataon ito dahil naroon sa El Paso ang babaeng nililigawan nito. Ito ang sumundo sa kanila ng isa pa niyang kaibigan na si Evzen mula sa paaralan.

“Di ba puwedeng pagod lang? Si Evzen nga kanina pa di nagsasalita.” Lumingon si Zach sa likuran ng sasakyan at nakitang nakapikit ang tinutukoy.

“That’s because he’s been asleep ever since he got inside the car. Med school must be exhausting. Ikaw, kumusta Law school?”

“Exhausting,” panggagaya ni Zach dito.

“Well, naniniwala akong napapagod ka sa pag-aaral pero hindi ako naniniwalang dahil sa pagod kaya ka tahimik.”

“You know, for a well-mannered guy, you sure aren’t being well-mannered about this. Stop

snooping around, Echeverria.”

Napatawa lang ito nang mahina.

“Ah... it’s a girl. I knew it.”

Tiningnan niya ito nang masama. Hindi naman ito tumigil.

“So, sino ba ‘tong babaeng ‘to na nagpapatahimik sa ‘yo?”

“F\*ck off, Nicolai.”

Napasipol ang kaibigan. “Boy, she must be something. First time ‘tong ayaw mong pag-usapan ang isang babae. Dati-rati, ‘yun lang ang lumalabas sa bibig mo, eh.”

Hindi niya ito kinibo.

“C’mon, dude. Spill it out. Who’s the chick?”

Matagal bago niya ito sinagot. “Nobody.”

“Well, I find that hard to believe. If she’s nobody, how come she affects you like that?”

Binagyan niya ito ng nagbabantang tingin. Nagkibit-balikat lang ang kaibigan pero hindi na siya kinulit pa.

Napatingin na lang siya sa labas ng bintana. Mula nang iwan niya si Ellie sa ganoong paraan sa likod ng library, hindi na siya napakali. He felt so bad about the things he said to her. It was a knee-jerk reaction; bigla na lang parang may sariling isip ang

kanyang bibig nang makausap ito. His emotions were triggered, kahit wala namang ginawang kasalanan sa kanya ang babae.

*I am such an a\*shole.*

Alam niyang nasaktan niya ito nang lubos lalo na nang makita niya kung gaano ang ekspresyon sa mukha nito nang iwan niya roon.

Nasaan na kaya ito ngayon? Ano na kaya ang ginagawa nito nang mga oras na iyon?

He wouldn't be surprised if she was already plotting his murder at the moment.



## 2



**H**indi pa man tuluyang nakakapasok si Ellie sa tarangkahan ng bahay nila ay alam na niyang may masamang nangyari. Nakatayo sa labas ang kapatid niyang si Lara, nakasandal sa pader malapit sa bintana. Nakauniporme pa rin ito at yakap-yakap ang backpack. Nakatutok ang tingin nito sa sariling mga paa kaya hindi nito napansin nang dumating siya.

Habang papalapit si Ellie ay lumalakas ang mataas at matinis na boses ng nanay niya.

“Sabihin mo nga sa ‘kin ang totoo. Magkano ba’ng binayad sa ‘yo ng asawa mong ‘yun para bumalik ka sa kanya, ha?”

Muntik na siyang mapapalatak doon. Nilapitan niya si Lara. Agad naman itong nag-angat ng tingin.

“Kanina pa sila ganyan?” tanong niya.

Nagkibit-balikat ito. “Pagdating ko, ganyan na sila.”

“Sina Faye at Royce?” tukoy niya sa kanilang

mga nakakabatang kapatid.

“Andon sa loob. Nakausap ko kanina mula sa bintana ng kuwarto. Sinabi kong d’un muna sila hanggang humupa ang gulo.”

Tumango si Ellie at sumandal na rin sa pader.

Hindi iyon ang unang pagkakataon na nakasaksi silang magkakapatid ng ganoong tagpo sa pagitan ng nanay nila at ng lalaking kinakasama nito.

Sa mga nagdaang taon, marami nang mga lalaki ang pumasok sa buhay at bahay nila. Ang ilan ay mas tumagal kaysa sa iba, gaya ng kani-kanilang mga tatay. Ngunit sa huli, umalis din ang mga ito.

Si Tito Bobbie—hindi nila kailanman tinatawag na tatay ang mga lalaking kinakasama ng nanay nila maliban sa sarili nilang ama—ay isa sa mga nagtagal. Mag-iisang taon na ito roon sa bahay nila. Kahit pa man may pamilya na ito nang makilala ng nanay nila, hindi pa rin niyon napigilan na dalhin nito ang lalaki sa kanila.

Lahat ng mga lalaking iyon ay minahal ng kanilang ina pero hindi lahat ay minahal ang nanay nila pabalik. Ang Tito Bobbie nila ay isa lamang sa mga nahumaling sa alindog ng kanilang ina.

Kahit sa edad na kuwarenta, sa kabila ng panganganak ng lima at pagtatrabaho bilang

mananahi sa umaga at masahista sa boulevard sa gabi, hindi pa rin nasisira ang balingkinitan nitong katawan, ni lumolosyang ang maganda nitong mukha.

Perhaps it was because their mother refused to be stressed about life, or maybe it was because of really good genes, but their mother was able to preserve the thing that to her opinion was as much a curse as a gift: beauty.

Lahat silang magkakapatid ay nasumpa at nabiyayaan din niyon. Habang lumalaki si Ellie ay lagi niyang naririnig na sinasabi ng mga tao na darating ang panahon na matutulad siya sa nanay niya kung hindi pa man siya ganoon ngayon.

Kaya nga lumaki siyang ang kaibigan lang ay ang mga kapatid. Ayaw palapitin ng mga tao roon ang mga anak ng mga ito sa kanila.

Sa paaralan, mula grade school hanggang college, kumakain siyang mag-isa, naglalakad mag-isa, nag-aaral mag-isa.

No one bullied her in a conventional way. Pero sa hindi pakikipagkaibigan ng mga ito sa kanya, pakiramdam ni Ellie ay parang na-bully na rin siya ng mga ito.

Ngunit lahat ng iyon ay nabago ng taong iyon

dahil nakatagpo na siya ng mga kaibigan. Sayang nga lang dahil huling taon na niya sa kolehiyo.

“Sige, pag umalis ka ngayon, ‘wag ka nang babalik. Doon ka na sa asawa mong mukhang kulangot. Tingnan ko lang kung di ka masuka sa pagmumukha n’ya at bumalik ka rito at magmakaawa na tanggapin ko uli.” Hindi pa rin tumitigil sa pakikipag-away ang nanay nila.

Napabuntong-hininga si Ellie at tumanaw sa malayo, pilit hinaharangan ang mga ingay na nagmumula sa loob ng bahay na makapasok sa tainga niya.

Alam ng nanay nila na maganda ito at ipinapangalandakan nito ang bagay na iyon sa tuwing may pagkakataon, lalo na sa mga ganoong sandali kung kailan nagbabantang umalis ang lalaki sa buhay nito.

Kung aalis man ang Tito Bobbie nila o hindi, wala na silang pakialam. Hindi naman sila nakikipaglapit na sa mga kinakasama ng nanay nila. Alam kasi nilang pansamantala lang ang pamamalagi roon ng mga ito.

Some of the men cared for them, some didn’t. Minsan nalulungkot sila kapag umaalis ang mga lalaking iyon na naging mabait sa kanila o

nagpanggap na mabait sa kanila, pero ni minsan ay hindi sila umiyak nang umalis ang mga iyon. Sa kaso ng kani-kanilang ama, mga sanggol pa lang ay iniwan na sila ng mga ito.

Sa mga pagkakataong iyon, noong umalis ang mga tatay ng mga kapatid niya, muntik na siyang umiyak at magmakaawa at muntik na niyang harangan ang mga ito at pigilang makalayo. Ayaw niyang matulad sa kanya ang mga kapatid na hindi nakalakhan ang ama. Ngunit sa huli, pare-pareho lang sila ng mga tadhana.

Sabay silang napalingon ni Lara nang bumukas ang pinto at iniluwa niyon ang Tito Bobbie nila. Sandali lang sila nitong tinapunan ng tingin at nagmamadali nang lumakad palayo, tangay ang isang bag. Agad din namang lumabas ang nanay nila.

“Wag na ‘wag ka na uling tatapak sa lugar na ‘to. Magsama kayo ng asawa mo!” sigaw pa ng huli.

Nang mawala na sa paningin nito ang lalaki ay saka ito pumasok uli sa bahay. Sumunod naman sila ni Lara.

Sinenyasan niya ang nakababatang kapatid na puntahan ang iba pang kapatid na nasa kuwarto pa, habang siya naman ay lumapit sa nanay nila na nasa kusina at umiinom ng tubig.

“Nay,” tawag niya.

Hindi siya nito tiningnan. Nakatutok lang ang tingin nito sa banggera. “Walanghiya ‘yung Tito Bobbie mo. Iniwan tayo kapalit ng kakarampot na perang alok ng asawa niya. Hudas talaga. Pinipilit pa niyang itanggi. Sinasabi pa niyang pinagbabantaan siyang idemanda ng asawa niya pag di siya bumalik d’on. Pero alam ko ang totoo.”

“Eh, Nay, asawa pa rin naman n’ya ‘yun. Babalik at babalik din talaga siya d’on, may suhol man o wala, kasuhan man siya o hindi. Kasi kung balak talaga ni Tito Bobbie na makasama ka, sana matagal na n’yang inasikaso ang pakikipaghiwalay sa asawa niya. Hindi ‘yung ginawa niya kayong kabit.”

Marahas na napalingingon sa kanya ang kausap. Matalim ang mga tingin nito. “Ano’ng sabi mo? Ako, kabit? Hoy, Eliza, bantayan mo nga ‘yang bunganga mo. Nanay mo ‘ko! Wala kang karapatang bastusin ako.”

“Totoo naman, Nay, eh. Kabit naman talaga kayo. ‘Yun ang tawag sa ‘yo ng mga kapitbahay natin at kahit ng mga kasamahan mo sa panahian at sa pagmamasahé. Narinig ko sila minsan, ‘yun ang tawag nila sa ‘yo pag nakatalikod ka.”

“Aba’t!” Lalapitan sana si Ellie ng ina para

hampasin pero nakalayo at nakailag siya. “Letse kang bata ka. Gumagawa ka pa ng mga kuwento.”

“Ba’t kayo nagagalit sa ‘kin, Nay? Alam kong alam mong hindi ako nagsisinungaling. Alam kong alam mo kung ano ang tingin sa ‘tin ng mga tao sa bayang ‘to.”

Hindi nakapagsalita ang kausap.

“Ba’t ba kasi kailangan n’yo pa ng lalaki? Puwede naman na tayo-tayo lang.”

“Bawal ba akong magmahal, ha, Eliza?”

“Hindi naman kayo mahal ng mga lalaking ‘yun, Nay.”

Mukhang lalong uminit ang ulo nito. “Ano’ng pinupunto mo? Na nagpapagamit lang ako?”

“Hindi naman po. Ang sinasabi ko lang, di mo kailangang paulit-ulit na magpaloko sa iba at sa sarili n’yo. Kaya n’yo hong pigilan na maulit na mangyari ang mga ganitong pang-iiwan sa inyo. Alam n’yo ho kung ano ang tamang desisyon. Kailangan n’yo lang ng lakas ng loob para gawin ang desisyong ‘yun.” Nang hindi ito nakasagot, nagpatuloy si Ellie. “Di ba kayo napapagod sa lahat ng ‘to, Nay? Di ba kayo nahihiya sa mga pinaggagagawa n’yo? Isang bagay iyong nakisama kayo sa iba’t ibang lalaki, pero ang makiapid sa may-asawa...” Napailing siya. “Di n’yo

ho ba naisip na mali ang ginagawa n'yo? Hanggang gaano kababa pa ho ba ang kailangan n'yong abutin para matauhan kayo? Nay... maski ako nahihirapan nang ipaliwanag sa mga kapatid ko na hindi kayo masamang tao."

"Bastos! Walang utang na loob!" sigaw nito. "Ang kapal ng mukha mong sabihan ako kung ano ang mali ko. Nakapag-aral ka lang 'kala mo na kung sino kang magaling. Bakit ba? Pinabayaan ko ba kayo kahit minsan? Di ko naman kayo hinayaang magutom, ah. Sinigurado kong may damit kayong maisusuot, may bahay kayong mauuwian. Di n'yo kailanman naranasang mamalimos." Dinuro siya nito. "Ikaw... nang sinabi mo sa 'kin na gusto mong mag-college, pinigilan ba kita?"

"Nay, ano ba'ng tingin n'yo sa edukasyon? Luho? Bisyo? Karapatan ko hong mag-aral. Responsibilidad n'yong pag-aralin ako."

"Yan ba ang itinuturo sa 'yo d'on? Kung p'ano sumagot sa magulang?"

"Di kita sinasagot, Nay. Nangatwiran lang ho ako."

Nang akmang sasampalin siya nito ay iniharang niya ang mga kamay sa mukha. Nagkasya na lang ito sa paulit-ulit na paghampas sa mga braso niya.



“Walang modo ka talagang bata ka.” Kinaladkad siya nito palabas ng bahay.

“Bakit, Nay? Di pa ba kami sapat ng mga kapatid ko para maging masaya ka? Kailangan mo pa ba talaga ng lalaki sa buhay mo para maramdamang kompleto ka? Ito ang sasabihin ko sa ‘yo na di sinabi sa ‘yo ng mga pocketbook na binabasa mo, ng mga drama sa radyo na pinapakinggan n’yo: Di mo misyon sa buhay na maghanap ng lalaking magmamahal sa ‘yo. Subukan mong mahalin ang sarili mo, Nay, at di ka kailanman maliligaw. Di mo ikakabawas bilang babae kung di ka makakatagpo ng makakasama sa buhay. Di lang naman pagiging partner ng isang tao ang misyon mo sa buhay na ‘to. Nay, minsan okay lang mag-isa. Di kailangang lalaki lagi ang sagot. Nandito kami, o. Mahal ka namin.”

Bago nito isinara ang pinto ay nakita niya ang pagtulo ng luha nito.



“Nakausap ko na si Nanay. Puwede ka nang pumasok.” Napaangat ang mukha ni Ellie sa Kuya Franz niya. Kakauwi lang nito galing sa pamamasada. Hindi siya umalis mula sa pagkakaupo sa plastic na upuan na ibinigay sa kanya ni Lara nang malaman nitong pinalabas siya ng bahay ng nanay nila.

“Maraming lamok dito sa labas. ‘Lika na,’ dagdag pa nito. Hindi pa rin siya gumalaw. “Para makapag-hapunan ka na rin.”

Ni hindi siya lumingon rito.

Bumuntong-hininga si Franz at tumayo sa tabi niya. Namulsa ito at tumingala sa madilim na langit. “Alam mo, hindi mo kailangang magalit kay Nanay. Hindi rin niya kailangang magalit sa ‘yo. Ang isa’t isa na nga lang ang kakampi natin, mag-aaway-away pa ba tayo?”

“Di ako nagagalit sa kanya, Kuya. Naiinis lang ako. Naiinis ako na nakadepende sa atensyon ng isang lalaki ang kasiyahan niya. Para siyang mga Pilipino, di natututo, di nadadala. Si Nanay, paulit-ulit lang din siyang iiwan ng mga lalaking mamahalin niya.”

“Ano ba’ng magagawa natin? Eh, madali siyang ma-in love. Di niya mapigilan. Di ako sumasang-ayon sa mga pinaggagawa ni Nanay, pero di naman ‘yun krimen at di naman kasalanang magmahal, di ba? Saka, ano ba’ng ideya mo ng kalayaan? Ang di umibig? Ang di magpatali sa relasyon? Kahinaan bang maituturing kung bibigyan mo ng puwang sa puso mo ang isang tao?”

“Pagmamahal pa ba ‘yun, Kuya? Obsession na

yata ‘yun, eh, baka nga compulsion na. Di ko naman sinasabi na weakness ang love, pero kung gagamitin ang love bilang excuse para sa mga kabaliwan mo; kung gagamitin iyon bilang justification para sa mga kasalanan mo... ‘di naman yata ‘yun tama.”

“Masisisi mo ba si Nanay? Sa panahon ngayon, parang epidemya na kumakalat ang pag-iisa, ang kalungkutan. Dahil na rin sa mga palabas sa TV at sa mga paksa sa libro, iniisip ng mga tao na ang gamot doon ay romantic love. Malungkot ka? Maghanap ka ng boyfriend o girlfriend. Mag-isa ka? Kailangan mo ng love life. Kahit di ka naman talaga malungkot, iisipin mong malungkot ka dahil wala kang syota.”

“Gan’on ba ang tingin mo kay Nanay, Kuya? Na hindi talaga siya malungkot?”

“Ewan ko, Ellie. Si Nanay lang ang makakasagot n’yan.” Nginitian siya ng kapatid. “Kung sakali man na talagang malungkot nga siya at romantic love ang sagot sa nararamdaman niya, maiinis ka pa rin ba sa kanya?”

Pareho silang natahimik.

“Kuya...”

“O, bakit?”

“Wala. Napaisip lang ako dun sa sinabi mo na inaakala mong malungkot ka kahit hindi naman

talaga.”

Tiningnan siya nito nang mataman. Nag-iwas siya ng mukha.

“Kilala mo ang sarili mo, Ellie. Alam mo kung totoo ang nararamdaman mo o hindi.”

Napabuga siya ng hangin at napatingin uli rito. Gusto niyang may ibang masabihan ng nararamdaman.

“Kasi kanina, umamin ako sa crush ko na may gusto ako sa kanya.” Binilisan na niya ang pagsasalita bago pa siya pangunahan ng hiya. Pinili rin niyang huwag nang sabihin sa kapatid na higit pa sa simpleng paghanga ang meron siya para kay Zach.

“Tapos, ano’ng sabi n’ya?” kalmadong tugon ng kanyang kapatid.

“Sabi niya di kami pareho ng nararamdaman.” Ayaw niyang malaman nito ang eksaktong mga salita ni Zach. Tiyak na magagalit ito para sa kanya. Ayaw niyang bigyan ito ng sama ng loob.

Tumangu-tango ang kausap.

“Ano naman ang naramdaman mo nang sabihin niya ‘yun?”

“Nalungkot, siyempre.” *At nasaktan, sobra.*

“Nagbago ba ang nararamdaman mo para sa kanya?”

“Di ko alam, Kuya. Naguguluhan ako.”

*Paano ba naman kasi, mali ang pagkakakilala ko sa kanya. Di ko alam kung siya ba talaga o ang ideya ko kung sino siya ang nagustuhan ko.*

“Normal lang naman magka-crush, Ellie. At sa maniwala ka man o hindi, madalas di natutugunan ng taong gusto mo ang nararamdaman mo. Pero di ‘yun nangangahulugan na end of the world na. Magpapatuloy ang buhay. Di maghihintay ang mundo sa ‘yo kung kelan ka makaka-move on.”

Sandali silang natahimik pareho. Napatingin sila sa kalangitan kung saan nagsisimula nang magningningan ang mga bituwin.

Isa ang El Paso sa mga kakaunting nalalabing mga lugar sa bansa kung saan makakakita pa ng maraming bituin sa langit at alitaptap sa paligid tuwing gabi.

Hindi niya mapaniwalaan ang lahat ng magagandang bagay na nakikita niya ay mula rin sa lalaking nanakit ng kanyang damdamin.

“Kuya, naniniwala ka bang may Diyos?”

“Oo naman. Kahit sabihin pa ni Nanay na walang Diyos, alam ko na meron talaga. Naniniwala akong may Diyos, di nga lang ako naniniwala na may pakialam Siya sa ‘tin.”

“Ba’t mo naman nasabi ‘yan?”

“Kung may pakialam Siya sa ‘tin, Ellie, ba’t pakiramdam ko, pinabayaan na Niya tayo? Bakit parang nakalimutan na Niya tayo? Ba’t ‘yung iba mahal Niya, pero tayo hindi?”

She wanted to tell him that God does not play favorites and that God does, in fact, remember them. Dahil kung walang Diyos o walang pakialam sa kanila ang Diyos, baka napagtagumpayan na siyang walanghiyain ni Rigo noon.

“May Diyos, Kuya, at mahal Niya tayo.”

Tiningnan siya nito saka malungkot na ngumiti. “Sana nga, Ellie. Sana nga.”

She looked back at the skies and the stars, closed her eyes, and prayed fervently. She prayed that the God who created heaven and earth, the God that the winds and the waves obey, the God who orchestrated the moment for which she believed in Him—and in Love—would take mercy on her broken heart and bless it, so that there would be no room for hate in it, only more love.

## 3



**I**sang grupo ng mga kababaihang lihim na tinatawag ng mga taga-Saint Ignatius na Order of the Virgin Sisters (na minsan ay ginagawang Order of the Frigid Sisters) ang mga bagong kaibigan ni Ellie.

Makikilala ang mga ito sa mga suot na purity ring. Sikat sila dahil ang mga ito ang nagsimula ng underground celibacy club sa paaralan.

Hinihikayat ng mga ito ang mga estudyante na mag-practice ng abstinence mula sa sex na ayon sa mga ito ay pinakamabisang paraan para mapigilan ang hindi pinaplanong pagbubuntis.

Nang mga nakaraang taon kasi ay tumaas ang bilang ng mga estudyanteng nagda-drop out sa unibersidad dahil sa maagang pagdadalang-tao. Bukod doon, marami na ring iskandalo ang kumakalat tungkol sa mga estudyante ng paaralan nila na nahuhuling may ginagawang 'milagro' sa mga pampublikong lugar at kahit sa loob ng eskuwelahan

mismo. Layunin ng mga ito na ibalik ang magandang reputasyon ng mga taga-Saint Ignatius.

Isang araw ay nilapitan siya ni Claire, ang president ng celibacy club at siya ring sikretong pinangalanang 'Mother Superior' ng mga estudyante. Inalok siya nitong makasama sa pagpapalaganap ng misyon ng mga ito.

Hindi nagdalawang-isip si Ellie sapagkat naniniwala naman siya sa mga ipinaglalaman ng mga ito at nakita niya rin iyon bilang pagkakataon para makatagpo ng mga kaibigan.

Bagaman laging nakakaligtaang ipaalam ng mga ito sa kanya kapag may pagtitipon sila at hindi siya naiimbitahan sa mga lakad ng grupo, pilit niyang iwinawaksi ang maliit na boses sa isip na nagsasabing hindi talaga siya welcome sa club. Kahit pakiramdam ni Ellie ay ginagamit lang siya ng mga ito, ginagawang alalay o utusan, pinipili pa rin niyang maging positibo.

Sinabi niya sa sarili, baka sinusubukan lang ng mga ito ang kanyang loyalty. Bagong salta pa nga naman siya kung tutuusin.

Ang mga ito ay matagal nang magkasama. Hindi siya agad-agad at basta-bastang tatanggapin ng grupo. Kailangan niyang pagtrabahuhan ang tiwala



ng mga ito.

At nang umaga ngang iyon ay ipinrisinta ni Claire sa kanya ang isang hamon, isang final entrance exam.

“Kami dito sa club na ‘to, Ellie, matagal na kaming magkakaibigan. We have known each other way before the idea for this club started. Kaya maingat kami sa mga pinapapasok namin sa samahan. We can’t just trust anybody.” She looked at her from head to feet. “But I took my chance on you. Nakita ko ang potensyal mo. At ngayon nga, matapos naming makita na gusto mo talagang makasama kami, napagdesisyunan namin na ibigay na sa iyo ang huli mong test.”

Tumigil ito sandali para bigyan siya ng pagkakataong magsalita. Nang hindi siya umangal ay nagpatuloy ito.

“Para mapatunayan mong mapagkakatiwalaan ka nga namin, kailangan mong gawin ang ipag-uutos namin. Pero hindi ka namin pipiliting gawin ang isang bagay na ayaw mo, you are always free to leave. Gusto ko lang malaman mo na kapag umalis ka na, wala ka nang tsansang bumalik pa uli.”

“Ano ba ang gusto n’yong gawin ko?”

Napangiti ang kaharap, tila nalugod na hindi

pa siya umaatras. “Ellie, dear, I want you to make a statement. Ang ilan sa mga tao dito sa *Saint Ignatius* ay hindi sineseryoso ang ipinaglalaman ng celibacy club, kung hindi man pinagtatawanan ay minamaliit o kaya binabalewala. Kaya oras na para gumawa ng malaking hakbang.” Sumenyas ito sa isa sa mga kasamahan. Iniabot sa kanya ang isang maliit na puting sobre. “Pera iyan. Bumili ka ng spray paint. Mamaya, kapag wala nang tao sa parking lot, gusto kong gamitin mo ang spray paint sa kotse ni Zachary Lordizabal.”

Natigilan si Ellie. “B-bakit siya?” Parang nanghihina ang buo niyang katawan.

“He’s a misogynistic manwhore who needs to be taught a lesson.”

“H-hindi ba vandalism ‘tong ipapagawa mo sa ‘kin? P’ano kung i-report ako?”

“Magpasalamat siya at ‘yan lang ang mangyayari sa kanya. Walang permanent damage. He deserves worse, if truth be told. Saka walang magre-report sa ‘yo kung hindi ka magpapahuli. Besides, we’ll help you. Sina Shane at Kelly ang magiging lookout mo. Pangako, walang makakaalam. We got your back.” Tinaasan siya nito ng kilay na parang nagtatanong kung pumapayag siya. “It’s just a harmless, albeit

theatrical, maybe almost drastic, act. The thing is that we're sending a message here. Isang importanteng mensahe para sa mga tulad ni Zachary Lordizabal at sa lahat na rin ng mga taga-*Saint Ignatius*," pangungumbinsi pa nito sa kanya.

"Gawin mo 'to para sa 'min," Malambot ang ekspresyon sa mukha at maging ang boses nito nang tumingin at nagsalita ito sa kanya, "na mga *kaibigan* mo."



Malaki ang ngiti ni Zach habang naglalakad papunta sa parking lot. Kinansela ng kanyang professor ang klase nito nang mga oras na iyon kaya maaga siyang makakauwi.

Balak niyang matulog muna dahil napuyat siya sa paglabas nila kagabi nina Nico at Evzen.

Napahinto siya at napalis ang ngiti nang makita mula sa di-kalayuan ang isang taong naka-hood at nag-i-spray ng kung ano sa gray niyang *Pajero*. Nakatalikod ito sa kanya kaya hindi siya nakita.

Kuyom ang mga palad na nagmartsa siya palapit dito.

"Hoy! Itigil mo 'yan." Gulat itong napalingon sa kanya. Nakatakip ng bandana ang pang-ibabang parte ng mukha nito at natatabunan ng shades ang

mga mata. Hindi niya masiguro kung maliit itong lalaki o babae.

Agad naman nitong binitawan ang hawak na spray paint saka kumaripas ng takbo. Mabilis niya itong nahabol. Sinunggaban niya ang hood nito at ipinalibot ang mga kamay sa katawan nito. Nanlaban ito.

Hindi ito tumigil sa paghampas sa kanya na sinabayan pa ng pagsipa. Sa paggalaw nito ay nalaglag ang shades na suot ng estranghero. Nagawa naman niyang alisin ang bandana sa mukha nito.

“You?” Nabitiwan niya ito dahil sa di-pagkapaniwala.



Ellie felt all the blood left her face. Pakiramdam niya ay hihimatayin siya nang mga oras na iyon. Iginala niya ang paningin sa paligid ngunit wala na sa mga pinagtaguan nila sina Shane at Kelly. Mukhang tumakas na rin ang mga ito nang makita si Zach.

Napangiwi siya nang mariin nitong hinawakan ang kanyang braso. Hinila siya nito pabalik sa sasakyan.

Tiningnan nito ang sinulat niya roon: *1 JOHN 2:16*. Iyon ang iniutos ni Claire na isulat niya.

“S-sorry,” aniya sa maliit na boses. Mukhang mas pinalala lang niyon ang galit ng lalaki.

“You’ll pay for this. I’ll make sure of it,” he hissed.

“Hayaan mo ‘kong mag-explain, please. Napag-utusan lang ako. Di ko ‘yan ideya. Si Claire—” Napasigaw siya nang mas higpitan pa ni Zach ang pagkakahawak sa kanya.

Pagak itong napatawa. “Let’s see how deep a grave you can dig for yourself. Humor me then, you pesky li’l rat.”

Nanginginig man sa takot at pagkapahiya ay pinilit pa rin niyang magpaliwanag. “Inutusan ako ni Claire na gawin ‘yan. Sabi niya kapag ginawa ko ‘yan, tatanggapin na nila ako sa grupo nila.”

“Claire?” Kumunot ang noo ng kaharap. “Claire Ambrosio?”

Tumango siya.

“So... all that,” tiningnan uli nito ang sasakyan bago bumaling sa kanya, “was just a way for you to get ordained in that f\*ckin’ Order of the Frigid Sisters?”

Nagbantang tumulo ang luha niya sa sakit ng pagkakabaon ng mga daliri nito sa kanyang braso. Napansin yata nito ang nararamdaman niya dahil bahagyang lumuwag ang pagkakahawak nito.

“Sabihin mo nga sa ‘kin, *sister*,” he stressed the word to mock her, “ba’t naman kita paniniwalaan? You must know kung ano ang dating ng lahat ng ‘to sa ‘kin. Kahapon, nagtapat ka sa ‘kin at di naging maganda ang kalalabasan n’on. May mga nasabi akong masasakit na salita na sapat na para magtanim ka ng galit sa ‘kin at naising makaganti sa ‘kin. Ngayon, nahuli kitang bina-vandalize ang sasakyan ko. ‘Wag mong sabihin na coincidence lang ang lahat ng ‘to?”

“Alam kong mahirap paniwalaan pero I swear, di ako nagsisinungaling. Kahit puntahan pa natin si Claire ngayon. Bibigyang-linaw n’ya ang lahat ng ‘to.”

What came after was a series of mortifying disgrace. Sa harap niya mismo ay ipinagkaila ni Claire na may ipinag-utos itong ganoon sa kanya.

“I would never do such a thing!” Claire burst out, acting horrified. “I don’t know what made her do it, but I want to make it clear that my hands are clean.”

“Claire, please, ‘wag kang magsinungaling. Sabihin mo ang totoo. Ikaw ang may pakana ng lahat ng ‘yon,” sabi niya.

Hindi siya pinansin ng babae. Nakatuon lang ito kay Zach habang nagsasalita. “Saka, ano ako, hilo? Ba’t ko papapasukin sa grupo namin ang

isang tulad niya? Una sa lahat, hindi na siya virgin. There's not a living thing in this campus that doesn't know that she already slept with half of the male population of *Saint Ignatius*. Magmumukha lang kaming katatawanan kapag pinasuot namin siya ng purity ring. Pangalawa, nilapitan ko lang siya n'on para makumbinsi siyang i-promote ang abstinence. Naisip ko na pag nakita ng mga students ang isang tulad n'ya na sexually active ay pinipiling maging celibate, baka mahikayat silang gumaya rin sa kanya. I did it all for our club's cause. Thirdly and lastly, I value my reputation. I wouldn't be caught dead breathing the same air as that bimbo.”

“Claire...” Para na rin siyang sinaksak sa likod nang ilang beses.

Noon siya tiningnan ng babae. Noon niya nakita ang tunay na anyo nito. She was ugly from the inside out. Hindi niya alam kung bakit hindi niya iyon nakita noong una.

“Hindi ko alam kung ba't mo 'ko isinasali sa gulong 'to. Pero dapat tigilan mo na ang paninisi sa ibang tao. Take responsibility for what you've done. What you did, you did out of your own accord. No one held you at gunpoint while you're doing that, di ba? May choice ka. You made your bed, now lie on it.”

Pagkatapos niyon, dinala siya ni Zach sa tindahan kung saan niya nabili ang spray paint. Kinumpirma ng tindero na siya ang bumili ng spray paint nang hapong iyon.

Lumabas sila ni Zach sa tindahan.

“P’ano ba ‘yan, mukhang maraming plot holes ang kuwento mo. Should I give you a minute to construct further lies, o aamin ka na? Sa totoo lang, I was just humoring you this whole time. Na-amuse kasi ako sa storytelling skills mo. Kaso pagod na ‘ko, eh. I’m actually quite pissed that I missed my sleep. If you don’t mind, handa na ‘kong marinig ang confession mo.” Parang mauubusan na ito ng pasensya.

Iniiwas ni Ellie ang tingin. Ayaw niyang makita ng lalaki na umiiyak siya. Pero hindi iyon nakaligtas sa mga mata nito.

“Crying won’t help you get away with this. Siguro n’ong bata ka pa, effective ‘yan. But you’re an adult now, and the adult thing to do is to face the consequences of your actions. Own up to your mistakes and become a better person.”

Hindi siya sumagot. Patuloy lang ang dalaga sa tahimik na pagluha. Nahihiya siya na umiiyak siya nang mga oras na iyon imbis na mag-isip ng solusyon



sa problema niya. Kaso hindi niya mapigilan ang sarili. She felt helpless. Parang pinagkakaisahan siya ng lahat.

“Tell you what, I’ll report this to the school. Sila na ang bahala sa parusang ipapataw sa ‘yo. They’ll know what proper disciplinary action to take.”

Akma na itong aalis pero pinigilan niya ito sa kamay. Si Ellie man ay nagulat sa kanyang nagawa. Parang kusang kumikilos ang katawan niya para isalba siya.

*Ellie, bilis. Mag-isip ka. P’ano mo sasagipin ang sarili mo?*

Agad naman nitong pinalis ang kamay niya na tila ba bigla itong nakuryente.

“Please, nagmamakaawa ako. ‘Wag mo ‘kong isumbong,” pakiusap niya.

“Ano’ng gusto mong gawin ko? Kalimutan na lang ang nangyari? Di maaayos ng sorry mo ang damage sa sasakyan ko.”

“Please, please, please.” Humahagulgol na si Ellie. Bahala na kung magmukha siyang ewan sa harap ng binata. “Baka ma-suspend ako. Baka di ako maka-graduate. Mag-iiwan ‘to ng masamang record sa transcript ko. Pakiusap.”

Tahimik lang na nakamasid sa kanya si Zach.

“Gagawin ko ang kahit ano, ‘wag mo lang akong i-report.”

“It’s dangerous to make promises. Don’t you know that?”

“Wala akong pakialam. Importante sa ‘kin ang makatapos ng pag-aaral. Please naman, maawa ka sa ‘kin.”

Sandali pa siya nitong tinitigan bago napabuntong-hininga. “Fine, di kita ire-report.” Sumibol ang pag-asa sa puso ni Ellie. “Pero kailangan mong magbayad ng danyos sa nagawa mong pang-va-vandalize sa sasakyan ko.”

“M-magkano ba ang kailangan kong bayaran?” Sinabi nito ang halaga at parang nahilo siya nang marinig iyon. Saan siya makakakuha ng ganoon kalaking halaga ng pera? Baka isang taon pa ang bubunuin niya sa pagtatrabaho para makalikom ng maipapambayad.

“At kailangan mo ‘kong mabayaran sa lalong madaling panahon. Siguro sapat na ang isang buwan para maihanda mo ang pera?”

Nanghina ang kanyang mga tuhod sa narinig. “H-hindi ba puwedeng bigyan mo pa ako nang mas mahabang panahon para mabayaran ka?”

“Ang dami mong hinihinging pabor. Pinapaalala

ko lang sa 'yo na ikaw ang may atraso. One month is all you get. That's final.”

“P-pero...”

“Kung di mo ‘yan magagawa, sisiguruhin kong di lang masamang school record ang magkakaroon ka, kundi pati police record.”